# DISKRIMINASYON SA KAPANSANAN

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## PINOPROTEKTAHAN KA NG MGA BATAS SA MAKATARUNGANG PABAHAY NG CALIFORNIA MULA SA DISKRIMINASYON

Pinoprotektahan ka ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay (Fair Employment and Housing Act) mula sa ilegal na diskriminasyon at pangha-harass sa pabahay batay sa mental o pisikal na kapansanan. Kabilang sa diskriminasyon, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na aksiyon:

- Pagtanggi sa pagpaparenta, pagpapaupa, o pagbebenta ng mga akomodasyong pabahay
- Pagtangging makipanegosasyon para sa pagbebenta, pagpaparenta, o pagpapaupa ng mga akomodasyong pabahay
- Representasyon na hindi available ang akomodasyong pabahay para sa inspeksiyon, pagbebenta, o pagpapaupa kahit na available pa ito
- Probisyon ng mga mas mababang antas ng mga termino, kondisyon, pribilehiyo, pasilidad, o mga serbisyo kaugnay ng mga akomodasyong pabahay
- Pagkansela o pagtapos ng isang kasunduan sa pagbili o pagpapaupa
- Pagkabigo sa pagdisenyo at paggawa ng mga tirahan para sa maramihang pamilya (multi-family dwellings) sa paraang nagbibigay ng access para sa at paggamit ng mga taong may kapansanan
- Probisyon ng nakabukod o nakahiwalay na mga akomodasyong pabahay
- Pagtanggi sa pagbigay ng permiso, na nakakapinsala sa taong may kapansanan, para sa makatuwirang pagbabago ng mga kasalukuyang lugar na tinitirahan o titirahan ng taong may kapansanan, kung saan maaaring kailangan ang mga pagbabago upang makaranas ng ganap na kaginhawaan ang taong may kapansanan sa tirahan
- Pagtanggi sa pagsasagawa ng mga makatuwirang akomodasyon sa mga patakaran, polisiya, gawi, o mga serbisyo kung saan ang mga akomodasyon ay maaaring kinakailangan upang mabigyan ang isang taong may kapansanan ng oportunidad na magamit ang isang tirahan at maging maginhawa dito
- Mga polisiya, gawi, tuntunin, o kondisyong nandidiskrimina na nagdudulot ng hindi pantay na access sa pabahay o mga serbisyong nauugnay sa pabahay.

## ANO ANG KINIKILALANG KAPANSANAN SA ILALIM NG BATAS SA CALIFORNIA?

Sa ilalim ng batas sa California, ang kapansanan ay isang mental o pisikal na kapinsalaan, sakit, o kondisyon na naglilimita sa isang mahalagang aktibidad sa buhay. Kabilang sa kahulugan ng kapansanan ang diagnosis ng HIV/AIDS, pati na rin ang mga medikal na kondisyon kasama ang anumang kapinsalaan sa kalusugan na nauugnay sa kanser, o sa mga henetikong katangian ng isang indibidwal. Kabilang din sa kahulugan ng kapansanan ang pinaniniwalaang may kapansanan ang isang tao, o kung ang tao ay inuugnay sa taong may kapansanan, o pinaniniwalaang may kapansanan.

Hindi kabilang sa kahulugan ng kapansanan ang mga sakit sa seksuwal na pag-uugali, hindi mapigilang pagsusugal, hindi mapigilang pangungupit (kleptomania), hindi mapigilang pagsisilab (pyromania), o mga sakit sa pag-abuso ng mga psychoactive na sangkap mula sa paggamit ng mga kasalukuyang hindi legal na paggamit ng mga kontroladong sangkap o ibang mga gamot.

Ang “mga mahalagang aktibidad sa buhay” ay isang malawak na kategorya. Kasama sa mga halimbawa ng mga mahalagang aktibidad sa buhay, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang pisikal, mental, at panlipunan na mga aktibidad at trabaho. Dapat tukuyin kung ang kondisyon o kapansanan na “naglilimita” sa isang mahalagang pangyayari sa buhay nang walang pagsasaalang-alang sa paraan sa pagbawas ng kahirapan, gaya ng mga gamot, pantulong na kagamitan, prosthetics, o mga makatuwirang akomodasyon, maliban na lamang kung ang paraan na ito mismo ay nakakapaglimita sa isang mahalagang aktibidad sa buhay.

## MGA POSIBLENG REMEDYONG SIBIL

1. Pagiging available ng isang pabahay na dating ipinagkait
2. Kabayaran para sa mga kawalan o pagkalugi at pagkabagabag ng emosyon
3. Pagsasanay at mga pagbabago sa polisiya upang mapigilan ang diskriminasyon sa hinaharap
4. Iba pang mga aksiyon upang maalis ang mga epekto ng diskriminasyon, tulad ng mga multa, pag-uulat o pagsusubaybay

# DISKRIMINASYON SA KAPANSANAN

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

**KUNG NANINIWALA KA NA NAKARANAS KA NG DISKRIMINASYON O PANGHA-HARASS, MAAARI KANG MAGHAIN NG REKLAMO SA DEPARTAMENTO NG MGA KARAPATANG SIBIL (CIVIL RIGHTS DEPARTMENT, CRD) SA PAMAMAGITAN NG PAGGAWA NG MGA SUMUSUNOD NA HAKBANG SA LOOB NG ISANG TAON MULA SA INSIDENTE:**

1. Makipag-ugnayan sa CRD sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyon sa harap ng flyer na ito
2. Maging handa upang magpakita ng mga partikular na katunayan tungkol sa ipinaparatang na diskriminasyon o pangha-harass
3. Itago ang anumang tala at dokumento na mayroon ka tungkol sa (mga) insidente, tulad ng mga resibo ng renta, application, mensahe sa text o iba pang elektronikong komunikasyon, at ibang posibleng katunayan ng diskriminasyon

Kung natanggap ang iyong reklamo, magsasagawa ang CRD ng isang walang-pinapanigang imbestigasyon. Inirerepresenta namin ang Estado ng California. Susubukan ng CRD, kung posible, na tumulong sa parehong panig upang malutas ang reklamo.

Kung hindi magkakaroon ng boluntaryong kasunduan at may sapat na ebidensiya upang magtaguyod ng isang paglabag sa batas, isusulong ng CRD ang kaso sa korte sibil.

Kung magpapasiya ang hukuman nang pabor sa nagrereklamong panig, maaaring kabilang sa mga remedyo ang paggiging available ng isang pabahay na nakaraang ipinagkait, kabayaran para sa mga pinsala at pagkabagabag ng emosyon, pagsasanay at mga pagbabago sa polisiya upang mapigilan ang diskriminasyon sa hinaharap, iba pang mga aksiyon upang maalis ang mga epekto ng diskriminasyon.

Mayroon kang karapatan na maghain ng reklamo sa iyong ngalan sa isang hukuman sa California sa loob ng dalawang taon ng hinihinalang pandidiskrimina. Hindi kailangan na maghain ng reklamo sa CRD bago maghain ng isang reklamo sa pabahay. Ang panahon na nakabinbin ang reklamo sa CRD ay hindi isasama sa pagbibilang ng dalawang taon.

## ANO ANG MGA KARAPATAN NA MAYROON AKO BILANG NANGUNGUPAHAN NA MAY KAPANSANAN?

May karapatan ang mga taong may kapansanan na hindi makaranas ng pangha-harass at diskriminasyon sa lahat ng aspeto ng pabahay. Mayroon din silang karapatan sa makatuwirang akomodasyon sa mga patakaran, polisiya, gawi, o serbisyo na nauugnay sa pabahay kapag kailangan upang mabigyan ng pantay na oportunidad ang isang taong may kapansanan at lubos niyang magamit ang isang tirahan at maging maginhawa dito. Pinapahintulutan din ang mga indibidwal na may kapansanan, sa sarili nilang gastos, na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang mga tirahan upang matiyak ang ganap na kaginhawaan sa tirahan. Dagdag pa, labag sa batas para sa mga may-ari ng mga akomodasyong pabahay ang gumawa ng pasulat o pasalitang pagtatanong upang tukuyin kung ang isang taong nais bumili, magrenta, o umupa ng pabahay ay may kapansanan, maliban na lamang kung ito ay isang interaktibong proseso para sa isang nangungupahan na nais ng makatuwirang akomodasyon.

Nang hindi magkukulang sa mga kinakailangang ito, ang mga tirahan para sa maramihang pamilya ay dapat na mayroon ng mga sumusunod na pasilidad:

1. Kahit isang pasukan ng gusali na mayroong accessible na ruta
2. Mga pampubliko at karaniwang lugar na handang mapuntahan at magamit ng mga taong may kapansanan
3. Isang accessible na ruta sa loob at papunta sa sinasaklaw na yunit ng tirahan
4. Mga pinto, kusina, at banyong dinisenyo upang pahintulutan ang access, pagdaan at paggalaw ng mga taong gumagamit ng mga wheelchair
5. Mga switch ng ilaw, saksakan ng kuryente, thermostat, at iba pang kontrol na pangkapaligiran sa mga accessible na lokasyon
6. Mga pampatibay sa mga pader ng banyo upang pahintulutan ang kalaunang paglalagay ng mga pangkaligtasang grab bar o hawakan malapit sa mga inidoro, bath tub, o shower stall, at mga upuan

**Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon, maaari kang tulungan ng CRD sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.**

## PARA MAGHAIN NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Bayad: 800.884.1684 / TTY: 800.700.2320

*Ang gabay na ito ay para sa pagbibigay ng impormasyon lamang, hindi ito nagpapatupad ng substantibong patakaran o karapatan, at hindi ito maituturing na legal na abiso.*

CRD-H05P-TG / December 2022